




Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION



Oktubre 11, 2021

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 794, s. 2021

Sa mga: PANSANGAY NA TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN
Ang Rehiyong Ito

PAGPUPULONG NG MGA KALAHOK SA E-SALIKSİK SA FILIPINO:
MGA ISYUNG PAMFILIPINO SA EDUKASYON

1. Sa pagtugon sa programang **E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Edukasyon** ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto, Sangay ng Pagtuturo at Pagkakatatuto, nakabuo ng tatlong (3) mungkahing saliksik hinggil sa mga isyung pamFilipino sa Edukasyon ang mga kalahok ng rehiyon.
2. Ang mga mungkahing saliksik na ito ay dumaan sa puspulang pagsusuri ng mga dalubhasa sa pananaliksik at mga ispesyalista sa Filipino ng kagawaran.
3. Upang bigyang-pansin ang maisapinal na ang konseptong papel at talatanungan batay sa mga mungkahi at mga rekomendasyon ng mga nasabing dalubhasa, isang pagpupulong ang gagawin kasama ang mga sumusunod na kinilalang mananaliksik ng rehiyon:

Isyu/paksa	Pangalan	Posisyon	Istasyon
1 - Isyung Pampagkatuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa Nababagong Panahon	Maria Consuelo C. Jamera	EPS	Regional Office
	Estrellita R. Mangubat	T II	Don Ruben E. Ecleo Sr.
	Riser C. Villagonzalo	T III	San Roque ES
2-Isyu sa Pagtuturo ng Ibang Asignatura gamit ang Wikang Filipino	Abegail Gerong	EPS - MAPEH	SDO - Agusan del Norte
	Rebecca T. Montante	EPS - EsP	SDO - Agusan del Norte
3-Isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon	Irene G. Ajoc	EPS - Filipino	SDO- Bislig City
	Gladys T. Manzanias	SST II	Bayugan CNHS
	Merly Paglinawan	T I	Canpo NHS

4. Mangyayari ang nasabing pagpupulong bukas, **Oktubre 12, 2021, 1:30** ng hapon sa pamamagitan ng link: **meet.google.com/cvi-atbt-hrx**.



Address: J.P. Rosales Avenue,
Butuan City
Trunkline No: (085) 342-8207
Telefax No: (085) 342-5969
Email: caraga@deped.gov.ph



5. Sa dagdag na impormasyon, maaaring sumangguni at mag-email sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph. o magmensahe sa 09120821145/09171304852.

6. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito sa nasabing mga kalahok ay inaasahan.


MA. GEMMA MERCADO LEDESMA
Direktor ng Rehiyon 

Mga Kalakip: Wala

Sanggunian: DM-OUCI- 2021-216, DM-OUCI- 2021-00295

Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CURRICULUM

FILIPINO

RESEARCH

CLM/mcj
10/11/2021



Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

PANGALAWANG KALIHIM PARA SA KURIKULUM AT PAGTUTURO

446103

MEMORANDUM

DM-OUCI-2021-00295

PARA SA/SA MGA: **Ministro, Ministryo ng Batayan, Mas Mataas at Teknikal na Edukasyon ng BARMM Panrehiyong Direktor**

MULA KAY : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Pangalawang Kalihim
Kurikulum at Pagtuturo

PAKSA : **MGA GAWAIN AT KUWALIPIKADONG KALAHOK KAUGNAY SA E-SALIKSİK SA FILIPINO: MGA ISYUNG PAMFILIPINO SA EDUKASYON**

PETSA : Hulyo 27, 2021

Naglabas ng memorandum DM-OUCI- 2021-216 ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto, Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto DM-OUCI- 2021-216 hinggil sa programang **E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Edukasyon.**

Layunin nito ang mga sumusunod:

- A. Makabuo ng saliksik hinggil sa mga isyung pamFilipino sa edukasyon:
 - Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa Nagbabagong Panahon;
 - Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
 - Mga Isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon.
- B. Magamit na batayan ang mga magiging resulta ng mga saliksik sa pagbuo ng estratehikong mga plano sa pagtataguyod ng Filipino sa edukasyon; at
- C. Mailapat sa polisiya ang mga nabuong plano bilang pambansang programa para sa Filipino sa edukasyon.

Bahagi ng nabanggit ang sumusunod na gawain:

MGA GAWAIN	PETSA	ONLINE PLATFORM
1) Palihan sa Pagbuo ng Saliksik sa Filipino	Agosto 16-20, 2021 (Sabayang Sesyon) Agosto 23-27, 2021 (Di- Sabayang Sesyon)	via Zoom App
2) Palihan sa Pagbuo ng	Setyembre 20-24, 2021	via Zoom



Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

PANGALAWANG KALIHIM PARA SA KURIKULUM AT PAGTUTURO

Analisis sa Resulta ng Saliksik	(Sabayang Sesyon) Setyembre 27- Oktubre 1, 2021 (Di-Sabayang Sesyon)	App
3) Konsultatibong-Palihan sa Pagbuo ng Estratehikong Plano para sa Pambansang Programa sa Filipino sa Edukasyon	Oktubre 18-22, 2021 (Luzon Cluster) at Oktubre 25-29, 2021(Vis-Min Cluster)	via Zoom App
4) Palihan sa Pagsasapinal ng Nabuong Estratehikong Plano para sa Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon	Nobyembre 8-26, 2021 (Luzon Cluster) at Nobyembre 22-26, 2021(Vis-Min Cluster)	via Zoom App

Kaugnay nito, ang mga gawaing ito ay sentrong kaugnay lamang sa Filipino sa Edukasyon na ang unang hakbang lamang ay saliksik na magiging batayan ng gagawing programa. Dahil dito, inaasahan na pangungunahan ito ng mga Panrehiyong Tagamasid sa Filipino. Makikita naman sa Annex A ang mga Kuwalipikadong kalahok sa programa.

Para sa paglilinaw at iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

GAUDENCIO LUIS SERRANO

Supervising Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery - Teaching and Learning Division
4th Floor, Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City
anna.litonjua@deped.gov.ph
+63 917 193 3788 (Globe)

Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

PANGALAWANG KALIHIM ng KURIKULUM AT INSTRUKSIYON

MEMORANDUM

DM-OUCI-2021-216

PARA SA/SA MGA: **Ministro, Ministeryo ng Batayan, Mas Mataas
at Teknikal na Edukasyon ng BARMM
Panrehiyong Direktor
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan
Tagapamuno/Punong-guro ng mga Paaralan
Iba pang Kinauukulan**

MULA KAY : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Pangalawang Kalihim
Kurikulum at Pagtuturo

PAKSA : **PANAWAGAN SA MGA GURONG MANANALIHSIK
SA FILIPINO PARA SA PROGRAMANG FILIPINO
E-TAGUYOD**

PETSA : **Hunyo 7, 2021**

1. Bilang tugon sa tunguhing *Sulong Edukalidad* ng Kagawaran maging sa isinasaad sa Seksiyon 6, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng 1987 na pagsasagawa ng mga hakbang para sa puspusang pagtataguyod ng paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at wikang panturo-ang Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto, Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ay magkakaroon ng **Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon.**
2. Ito ay isang maka-Filipinong programa tuon sa pagpapalakas at pagtataguyod ng Filipino sa larangan ng Edukasyon (pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, pagtuturo at pagkatuto gamit ang Filipino, at gamit at paggamit ng Filipino sa edukasyon). Bahagi nito ang mahahalagang tuong gaya ngunit hindi limitado sa *E-Saliksik sa Filipino*, *Filipino E-Turo*, *Filipino E-Linang*, at *E-Salin sa Filipino*. Magsisimula sa gawaing **E-Saliksik sa Filipino**. Magsasagawa ng saliksik hinggil sa umiiral na mga isyung pamFilipino sa larang ng Edukasyon.

3. Layunin ng **E-Saliksik sa Filipino: Mga Isyung PamFilipino sa Larang ng Edukasyon** ang sumusunod:
- Makabuo ng saliksik hinggil sa mga isyung pamFilipino sa larang ng edukasyon:
 - Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa Nagbabagong Panahon;
 - Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
 - Mga Isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon.
 - Magamit na batayan ang mga nabuong saliksik sa pagbuo ng estratehikong mga plano sa pagtataguyod ng Filipino sa edukasyon; at
 - Mailapat sa polisiya ang mga nabuong plano bilang pambansang programa para sa Filipino sa edukasyon.
4. Kaugnay nito, inaanyayahan ng BLD-TLD ang mga gurong kalipikado at elihible at nais maging mananaliksik sa nasabing gawain. Ang panawagang ito sa mga **gurong mananaliksik** ay bukás sa lahat ng mga guro sa Filipino at mga gurong gumagamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng iba pang asignatura sa lahat ng publikong paaralan sa buong bansa.
5. Ang mga gurong mananaliksik ay dapat taglay ang sumusunod na mga kwalipikasyon:
- Hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino o pagtuturo gamit ang Filipino, anumang posisyon ay makalalahok;
 - Kung maaari ay nagtapos ng graduwadong pag-aaral sa kaugnay na disiplina;
 - May sapat na karanasan at kasanayan sa pananaliksik;
 - May mga pagsasanay at palihan sa pananaliksik;
 - May nailathalang saliksik sa Filipino o nakapagbahagi na ng saliksik sa mga forum at kumperensiya sa paaralan, dibisyon, rehiyon, maging sa nasyonal man o internasyonal;
 - May sapat na kaalaman at pag-unawa sa mga isyung pamFilipino sa larang ng edukasyon (pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, pagtuturo at pagkatuto gamit ang Filipino, at gamit at paggamit ng Filipino sa edukasyon)
 - Taglay ang kawastuhan at katataasan sa teknikal na pagsulat gaya ng saliksik;
 - May kaalaman at kasanayan sa MS Office tools at Google Suite applications
 - Nakagagawa sa sarili gayundin kung may team na kasama.
6. Lahat ng gurong interesado at nais na maging bahagi ng E-Saliksik sa Filipino ay dapat magpasa ng kanilang aplikasyon at magsumite nang Word o PDF na kopya ng sumusunod sa BLD-TLD para sa pagsusuri:
- Curriculum vitae;
 - Isang pahina ng sulat na naglalahad ng pagnanais na maging bahagi ng gawaing pananaliksik nasyonal at pagbabagi ng mga karanasan kaugnay sa nabanggit;

- c. Photocopy ng abstract ng saliksik na nailathala o naibahagi sa mga forum at kumperensiya sa paaralan, dibisyon, rehiyon, maging sa nasyonal man o internasyonal;
 - d. Sulat rekomendasyon mula sa punong-guro/superbisor, o katumbas na pag-eendoso;
 - e. Konseptong papel (research proposal) alinman sa sumusunod na hindi lalampas sa 10 pahina:
 - Mga Isyung Pampagtuturo at Pampagkatuto sa Filipino sa Nagbabagong Panahon;
 - Mga Isyu sa Pagtuturo ng Iba pang Asignatura Gamit ang Filipino; at
 - Mga Isyu sa Gamit at Paggamit ng Filipino sa Edukasyon.
7. Lahat ng mga kinakailangang dokumento ay dapat maisumite nang hindi lalampas sa **Hunyo 30, 2021** via <https://forms.gle/Noiz3tdFTeDdJXut8>. Ang magsusumite pagkatapos ng petsang ito ay hindi na tatanggapin.
8. Lahat ng aplikasyon ay susuriin batay sa pagsunod sa mga tuntuning ibinigay. Hindi na susuriin ang mga kulang na dokumento. Ang mapipiling gurong mananaliksik ay agad na padadalhan ng komunikasyon.
9. Para sa paglilinaw at iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

GAUDENCIO LUIS SERRANO

Supervising Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery - Teaching and Learning Division
4th Floor, Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City
gaudencio.serrano@deped.gov.ph
+63 917 193 3788 (Globe)

10. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.